## ABSTRAK

PANGALAN NG INSTITUSYON: **Pamantasang De la Salle-Dasmariñas**

LUGAR: **Dasmariñas, Cavite**

PAMAGAT: **Hiwaga at Panata: Ang *Nuestra Señora de Candelaria* bilang Tagapamagitan ng Ispiritwalidad ng mga Silangeño**

MGA AWTOR: **Juvy-Lyn B. Cave, Edson V. Edrosolano, at John Eric D. Sico**

PINANGGALINGAN NG IGINASTOS SA TESIS: Pera ng magulang

KABUUANG GASTOS: 5,000

PETSA NA NATAPOS SA PAGGAWA NG TESIS: Marso, 2007

**LAYUNIN NG PAG-AARAL:**

A. PANGKALAHATAN

Matuklasan ang antas ng ispiritwalidad ng mga Silangeño.

B. TIYAK

1. Malaman ang mga hiwagang naipamalas ng Nuestra Señora de Candelaria.

2. Malaman kung buhay at isinasagawa pa ang mga panatang kinagisnan ng mga Silangeño.

3. Mabatid ang antas ng pananampalataya ng mga Silangeño.

**SAKLAW AT LIMITASYON**

Inalam at tinugon ng pag-aaral na ito ang mga pinaniniwalaang hiwaga ng *Nuestra Señora de Candelaria* at ang mga panatang isinasagawa ng Silangeño bilang kanilang tagapamagitan sa kanilang buhay ispiritwalidad.

Ang mga pangunahing hakbang na ginawa para sa pangangalap ng impormasyon ay ang mga sumusunod: paghahanap ng mga datos, luma man o kalalabas pa lamang na artikulo at pakikipanayam sa mga Silangeño o mga taong doon na nagka-edad.

**METODOLOHIYA**

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptibo. Ginamit din ng mga mananaliksik sa pagbuo ng pag-aaral na ito ang pamamaraang historikal upang matiyak ang mga mahahalagang impormasyon na may kinalaman sa nakalipas. Gayundin bahagyang nagamit ang kasaysayang oral kung saan boluntaryong nagbahagi ang mga respondente ng kanilang mga sariling karanasan.

**KINALABASAN NG PAG-AARAL**

1. Ang mga Silangeño noon pa man ay may matatag nang debosyon sa *Nuestra Señora de Candelaria.* Ito ay batay sa mga hiwagang naipamalas ng mahal na birhen kung saan tumatak na sa isipan ng mga Silangeño. Batay sa aming kwestiyonaryong binuo kung saan aming pinangkat ang antas ng edad ng aming mga respondente. Sa kabuuan nakakuha ng 2.4 na bigat ang lahat ng antas ng edad kung saan itoy nangangahulugan na lubos na naniniwala ang mga Silangeño na nagpapamalas ang *Nuestra Señora de Candelaria* ng mga hiwaga.

2. Natuklasan ng mga mananaliksik na hanggang sa kasalukuyan ay naniniwala at patuloy pa ring isinasagawa ng mga Silangeño ang kanilang mga pinaniniwalaang mga panata. Ito ay batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito kung saan nakakuha ng timbang na 2.14 ang lahat ng pangkat ng edad na may katumbas na kahulugang naniniwala.

3. Napag-alaman din ng mga mananaliksik na ang mga Silangeño ay may lubos na pananampalataya sa *Nuestra Señora de Candelaria.* Ito rin ay ayon sa kinalabasan ng pag-aaral kung saan nakakuha ng bigat na 2.43 ang lahat ng antas ng edad

na nangangahulugang lubos na naniniwala ang mga Silangeño sa kanilang patrona.

**MGA KONKLUSYON**

1. Napag-alaman ng mananaliksik na buhay at matatag ang pananampalataya ng mga Silangeño sa kanilang patrona.

2. Patuloy pa ring isinasagawa ang mga pagdiriwang at kinagawian tulad ng piyesta, pagnonobena, pagbibihis sa santo, Santacruzan, at prusisyon alay sa *Nuestra Señora de Candelaria* bilang bahagi ng kanilang pamamanata.

3. May sapat na kaalaman ang mga Silangeño sa mga hiwagang naipamalas ng *Nuestra Señora de Candelaria* na nagpatatag sa kanilang buhay ispiritwalidad.

**MGA REKOMENDASYON**

1. Malaki ang gampanin ng edukasyon upang mapatatag ang pananampalataya ng mga batang Silangeño sa *Nuestra Señora de Candelaria.* Dapat ay di mawala sa mga talakayan ang mga usapin ukol sa patrona. Dapat ring hikayatin ng mga guro na maging aktibo sa mga gawaing simbahan ang kanilang mga mag-aaral.

De La Salle University – Dasmariñas

2. Dapat na maging aktibo ang lokal na pamahalaan sa pagsuporta sa mga aktibidad ng simbahan upang maging matagumpay ang pagsasakatuparan ng mga ito.

3. Ang pamamanata ay hindi dapat na gawing motibasyon kung ikaw ay may kahilingan lamang na nais matupad o mayroong karamdaman. Kailangang gawin ito nang may kabanalan para sa patrona lalo na sa Panginoon.

Inerekomenda para sa Pagsang-ayon: